

## Ang wika sa Pampaaralang Espasyo: Tanawing pangwika sa apat na kampus ng Sorsu

Mariano, Sharon D. ✉

Sorsogon State University, Philippines ([sharondivinamariano@gmail.com](mailto:sharondivinamariano@gmail.com))

Received: 30 March 2026

Available Online: 23 April 2026

Revised: 20 April 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26126

Accepted: 22 April 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



### **Abstract**

Natiyak sa pananaliksik na ito na malaman ang tanawing pangwika sa apat na kampus ng Sorsogon State University. Pangunahing datos na ginamit ay ang mga sign na makikita sa loob ng kampus. Ang mga sign na kinuha gamit ang camera ay dinawnlod sa computer at pinanatili ang orihinal na anyo nito. Sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang frequency count at pagraranggo. Natuklasan na ang mga sign na bumubuo sa tanawing pangwika ay karatula sa kalye, babala, pangalan ng gusali, plakeng panggunita, karatula ng nagbibigay ng impormasyon, at advertising signs. Ang gamit ng wika sa mga tanawing pangwika ay Filipino, Ingles, at iba pang wika sa Pilipinas (wikang rehiyonal). Ang mungkahing gawain upang mapaunlad ang tanawing pangwika gamit ang wikang Filipino ay bigyang-diin sa konteksto ng Pilipinas, ang mga saliksik tungkol sa tanawing pangwika ay hindi lamang dapat magtapos sa paglalarawan ng tanawin kundi ang pagbuo ng mga kautusan o batas para mabago ang paggamit ng wika. Inirerekomendana hikayatin ang mga namumuno mula sa pinakamataas na gamitin ang kontekstong wikang Filipino sa pagbuo ng mga tanawing pangwika bilang wikang komunikasyon. Pasiglahin ang pag-ambag ng mga wikang rehiyonal sa pagbuo ng mga sign sa pampaaralang espasyo at maging sa pampublikong espasyo.

**Keywords:** tanawing pangwika, wika, wikang rehiyonal, sign

## Ang wika sa Pampaaralang Espasyo: Tanawing pangwika sa apat na kampus ng Sorsu

### 1. Introduksyon

Ang linguistic landscape o tanawing pangwika ay tumutukoy sa wikang nakikita sa mga pampublikong espasyo. Nakikita o nababasa ang wikang ito sa anyo ng iba't ibang sign sa paligid. Ang isang espasyo ay kino-konstrak ng mga aspektong arkitektural, dami at katangian ng mga taong gumagamit ng espasyong ito, at ng tanawing pangwika. Ang mga institusyon at organisasyong pampulitika, panlipunan, pangkultura, pangkomersiyo ay nakikilala rin sa publiko sa pamamagitan ng mga sign na nagmumula o kumakatawan sa mga ito. Bukod sa *mass media*, ang tanawing pangwika ang mabisang pagpapakilala ng mga institusyon at organisasyong ito habang dinaranas ng mga tao ang kanilang pang-araw-araw na buhay, kahit saan ibaling ang paningin ay makikita ang mga sign sa paligid dahil nakatambad na ang mga anuman ang talagang layunin sa pagbabagtas sa mga pampublikong espasyo.

Sa kabila ng pagiging malaganap nito sa paligid, walang gaanong pag-aaral sa tanawing pangwika. Higit na pinagtutuunan ang paggamit ng wika sa pangunahing larang tulad ng edukasyon, pamahalaan, simbahan, mass media – mga larang na pinagtutuunan ang pagbuo ng patakarang pangwika. Samantala sa pag-aaral na ito inalam ang mga sign na makikita sa loob ng paaralan ng SorSu sa apat na kampus. Ang tanawing pangwika ay pinaka dinamiko dahil ang mga elementong bumubuo sa tanawing pangwika, ang mga sign, ay nahuhugis at muling nahuhugis ng iba't ibang tao – ang may-ari ng sign, ang mismong gumagawa ng sign, ang awtoridad na may control sa sign at ang publiko. Ang mga taong may kinalaman sa paggawa ng sign ay tinatawag na mga aktor sa tanawing pangwika. Sila ang humuhugis sa mga sign na makikita sa tanawing pangwika. Karaniwan, ang mga sign na nilikha ng mga aktor na ito ay kinategorya sa dalawa: mga sign mula-sa-itaas o sa mga sign mula-sa-ibaba. Ang sign sa itinuturing na mula-sa-itaas kapag ang sign ay mula sa awtoridad, punongguro o mas mataas pa, sa isang lungsod alkalde o iba pang opisyal na nagpapatupad ng patakaran na may kinalaman sa paggawa ng sign. Ang isang sign na itinuturing mula-sa-ibaba at kapag ang sign at mga katangian nito ay galing sa karaniwang tao. Pagpili ng wika at iba pang elemento ng sign ay depende sa mga indibiduwal na pagpapasiya ng taong gagawa ng sign nang walang pakialam ng awtoridad.

Inusisa sa pag-aaral ng tanawing pangwika ang dahilan ng aktor sa pagpili ng wika sa paggawa ng sign. Sina Spolsky at Jackendoff (1991) ay naghain ng tatlong posibleng kondisyon sa pamimili ng mga aktor ng wikang gagamitin nila sa paggawa ng sign: 1. Sumulat ng sign sa Wikang alam mo, 2. Sumulat ng sign sa wika na inaasahan mong mababasa ang sign 3. Sumulat ang sign sa wikang gusto mong maiugnay sa sign mo. Sa Pamamagitan ng pagtukoy kung ano ang dahilan o kondisyon sa pagpili ng aktor sa wikang ginamit niya sa pagbuo ng sign, mapalilitaw rin kaniyang ideolohiya o paniwalang pangwika na siyang mahalaga sa pag-aaral tungkol sa tanawing pangwika. Naghain si Spolsky ng taxonomy ng mga sign. Kabilang sa tinutukoy na category ng mga sign ang mga sumusunod: 1. Karatula sa kalye (mga sign na halos permanente na isang bahagi ng kalye para bigyang pangalan o markahan ito o ang mga bahagi nito). 2. Advertising signs (mga sign na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga bagay at serbisyo na ikinakalakal), 3. Babala (mga sign na nagbibigay impormasyon para makiwas sa aksidente at iba pang kapahamakan), 4. Pangalan ng gusali (mga sign na nagpapakilala sa mga gusali at iba pang arkitektura) 5. Karatula na nagbibigay ng impormasyon (mga sign na nagsasaad halimbawa ng direksyon, oras ng pagbubukas at pagsasara ng establisimyento), 6. Plakeng panggunita (mga sign na nagpapakilala sa isang historikal o natatanging espasyo), 7. Mga bagay (mga sign na nagpapakilala sa ilang bagay tulad ng basurahan, telepono, mailbox). 8. Graffiti (mga sulat na karaniwang ginawa ng palihim at sumusuway sa awtoridad).

Idinagdag ni Zafra (2014) sa kanyang ginawang pananaliksik ang dalawang category ng sign sa konteksto ng akademikong institusyon: 1. Patalastas ng Departamento at Institusyon, 2. Patalastas na pangkomunidad at pang-organisasyon. Ayon kay Landry at Bourhis (1997) ang mga simbolong nakikita at mahahalagang paalala sa mga pampublikong at mga negosyong patalastas na makikita sa isang pag-aari at lugar. Binigyan nila ng kahulugan

ang tanawing pangwika ang wikang pamubliko, kalsada, komeryal bilbord, pangalan ng lugar, komersyal shop, at sa mga pampublikong gusali upang makita o mabasa sa isang lugar. Ayon kay O'Connel (2015) tinutukoy nito na ang tanawing pangwika ay hindi maaaring ipagkaila na pinagmumulan ng iba't ibang wikang ginagamit para ipaalam ang kahulugan at kahalagahan nito. Ayon naman kay Ben-Rafael (2006) ang tanawing pangwika ay tumutukoy sa umbok ng mga wika sa mga pampublikong palatandaan ng kalsada, advertising billboards, pangalan ng kalye at lugar, at mga karatula ng gusali ng pamahalaan. Ito rin ay inilalarawan bilang isang Junction Sociolinguistics, sosyolohiya, panlipunang sikolohiya, heograpiya at araling panlipunan.

Batay kina Cenoz at Gorter (2008) ang tungkulin ng tanawing pangwika bilang karagdagang pinagmumulan ng pangalawang wika. Napag-alaman na ang tanawing pangwika ay hindi lang multimodal (pinaghalong makikita at nababasang teksto) kundi multilingual dahil ito ay pinaghalo-halong nakikita o naririnig na wika. Ayon naman kina Shohamy at Barni (2010) tanawing pangwika ay yaong nakasulat na sign na makikita sa labas ng pribadong buhay, signs na nakikita sa kalsada para ipakita ang ngalan ng kalsada, tindahan at paaralan. Ayon kina Shohamy at Gorter (2008) ang kahulugan ng tanawing pangwika ay wika sa kapaligiran, mga salita at larawang makikita sa mga pampublikong lugar na kung saan ay nakukuha ang atensyon ng karamihang tao sa lugar na iyon. Sa pag-aaral ng linguistic landscape at iba pang perspektibo ay naayon sa kanilang kapangyarihan at sa pagkakaroon ng panibagong kahulugan galing sa pinakamalaking migranteng komunidad sa isang urban na kaakibat ang kanilang kultura, wika at impluwensya ng makabagong tanawing pangwika.

Batay sa pag-aaral ni Backhaus (2007) napatunayan na kahit sa lungsod ng Tokyo sa bansang Japan na isang malaking monolingual na komunidad na may 3.6% na dayuhang residente, makikitaan ito ng multilingual na tanawing pangwika. Natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang mga tanawing pangwika ay naglalaman ng iba't ibang wika maliban sa Japanese. Tinatangkilik nito ang iba't ibang wika sa kanilang tanawing pangwika. Ang tanawing pangwika ay maaring gamitin sa pag-aaral ng iskrip ng isang wika, halimbawa nito ang mga simbolo ng mga Soviet Union, Mongolia ayon kay Grivelet (2001). Katulad din ng sa Cherokee, ang mga simbolong nakikita sa mga kalasada at pampublikong lugar ay nakasulat sa Cherokee silaba. Ayon kay Cenoz at Gorter (2006) ang linguistic landscape ay produkto ng ispesipikong sitasyon na nakakatulong upang unawain at alamin ang sitwasyong pangwika ng isang komunidad. Halimbawa, ang wika ng nakakaraming mamamayan ay higit na magagamit sa mga sign at mga pangalan ng lugar, samantalang wikang minority naman ay hindi ganoon kadalas na magagamit para sa ganitong sign.

Ayon sa pag-aaral ni Zafra (2014) isang mulaan ng sign sa Filipino ang wikang rehiyonal, nais itampok dito ang dalawang sign na gumamit ng mga salitang rehiyonal: Balay Kalinaw (49) at Balay Internasyonal (50). Ikinategorya ang dalawang sign na ito bilang pangalan ng gusali na nakasulat sa wikang Filipino. Bagaman gumagamit ito ng mga salitang tulad ng balay at kalinaw, mga salitang Hiligaynon, Cebuano, Waray, lahod na nag dalawang salita sa diksyunaryong Filipino. Itinatampok ang dalawang halimbawang sign na ito dahil ipinamamalas nito ang sa palagay na isang mabisang paraan para sa maisama ang mga salitang rehiyonal sa pambansang wika. Ito ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang ito sa tanawing pangwika lalo na sa pagpapangalan ng mga gusali dahil sa permanente, malaki at may sentral na posisyon sa gusaling pinapangalanan. Ayon naman kay Kasangga (2012) ang mga wikang ginamit sa pampublikong simbolo ay kailangan gamitin kung ano ang lokal na wika upang mapahalagahan ito. Sa pag-aaral ng Tanawing pangwika ay sinusukat ang anyo ng wikang gagamitin batay sa mag institusyon tulad halimbawa ng mga samahan o "club", ospital, tindahan o negosyo.

Ang Tanawing pangwika ay nagpapakita ng mga panuto, direksyon, anunsyo, at ano pang bagay na nagbibigay impormasyon sa mga mamamayan hindi lamang sa local kundi pati rin sa mga dayuhan o turista na bumibisita sa isang lugar o rehiyon. Ito rin ay maaaring magsilbing mahalagang pang-impormasyon at simbolo bilang pananda ng estado o katayuan ng komunidad na nakatira sa teritoryong kinalalagyan nito. Ang pag-aaral ng tanawing pangwika ay naglalayong madagdagan ang ating kaalaman tungkol sa iba't ibang wika ng lipunan sa paghubog ng pagpili ng wika, pagkasunod-sunod ng angkop na wika, regulasyon at aspeto ng kaalaman ukol sa wika. Nagagamit ang simbolo at mga palatandaan sa isang lugar na nagsasabi ng kultura, kasaysayan na maaaring matukoy sa pagkakaiba at pagkakatulad nito. Sa pamamagitan ng maayos, maikli subalit malinaw na mga tanawing pangwika

ay natutulungan ang bawat isa na maging mapanuring mamamayan sa mga wikang maaring maintindihan ng bawat isa.

**Layunin** - Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtukoy at pagsusuri ng tanawing pangwika sa apat na kampus ng Sorsogon State University, partikular ang mga sign na bumubuo nito. 2. Layunin din nitong masuri ang wikang ginagamit sa mga sign ng tanawing pangwika sa kampus upang maunawaan ang papel nito sa komunikasyon at pagpapahayag sa loob ng institusyon. 3. Gayundin, layunin ng pag-aaral na makapagmungkahi ng mga gawain na makatutulong sa pagpapaunlad ng tanawing pangwika gamit ang wikang Filipino.

## 2. Pamamaraang ginamit

Pangunahing datos ng saliksik na ito ang mga sign na makikita sa apat na kampus ng Sorsogon State University. Upang mabalikan at masuri ang mga datos, ang mga sign na ito ay kinunan ng larawan gamit ang isang digital camera. Sa apat na kampus, pangunahing espasyo sa Sorsogon State University ang pinagkunan ng datos: (1) panloob na bahagi ng Lungsod Sorsogon Kampus, (2) panloob na bahagi ng Magallanes Kampus, (3) panloob na bahagi ng Castilla Kampus, at (4) panloob na bahagi ng Bulan Kampus. Ang mga larawan ay dinownload sa kompyuter at ang mga kuha sa bawat espasyo ay inayos sa kani-kaniyang folder sa sistema ng pagpa-file. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa sistematikong dokumentasyon at pagsusuri ng mga umiiral na tanawing pangwika sa loob ng institusyon. Ang mga datos ay kinategorya ayon sa taxonomy ni Spolsky: (1) karatula sa kalye, (2) babala, (3) pangalan ng gusali, (4) plakeng panggunita, (5) karatulang nagbibigay ng impormasyon, (6) advertising signs, (7) bagay, at (8) graffiti. Dahil ang saliksik ay nasa tiyak na konteksto ng akademikong institusyon, idinagdag ang dalawa pang kategorya: (1) patalastas ng mga departamento at institusyon, at (2) patalastas na pangkomunidad at pang-organisasyon. Itinala rin ang pagpili ng wika sa bawat sign na binubuo ng (1) Filipino, (2) Ingles, (3) iba pang wika sa Pilipinas (wikang rehiyonal), (4) iba pang wikang dayuhan, (5) bilingguwal (tinukoy ang mga wikang ito), at (6) multilingguwal (tinukoy ang mga wikang ito).

## 3. Mga natuklasan

### 3.1 Mga Sign na Bumubuo sa Tanawing Pangwika

Lumabas sa pag-aaral na ang mga tanawing pangwika na makikita sa loob ng kampus ng apat na paaralan ng Sorsogon State University ay ang mga sumusunod:

***karatula sa kalye*** – mga sign na halos permanente na sa isang bahagi ng kalye, halimbawa:

Entrance this way please  
parking area vistors and students  
vehicles this way please  
dont block the drive way  
parking this way  
speed limit 10kph  
smoke free school  
no school, no proper uniform no entry  
stop flag raising ceremony  
always wear your ID  
you are entering no smoking campus  
motorcycle parking area

speed limit 25 kph  
no ID no entry  
no blowing of horns

***babala*** – mga sign na nabibigay ng impormasyon para makaiwas sa aksidente at iba pang kapahamakan, halimbawa:

warning road under construction  
danger deep excavation  
bawal tumawid  
strictly no smoking

***Pangalan ng gusali*** – mga sign na nagpapakilala sa mga gusali at iba pang arkitektura, halimbawa:

Hostel  
Library  
Administration Building  
Auditorium  
Audio visual hall  
Canteen  
General Laboratory  
Faculty  
Fisheries Department  
Automotive Technology  
Museum  
Computer Room  
Garage

***karatula na nagbibigay ng impormasyon*** halimbawa:

priority seat  
fall in line  
attention all scholars  
notice of the meeting  
out of order  
bawal ang tambay dito  
kindly leave your things  
lost technical pen  
by standers not allowed here  
please present student ID  
priority lane

we cordially invite you

***plakeng panggunita*** – mga sign na nagpapakilala ng isang historikal o natatanging espasyo, halimbawa:

School Based Production Center

Dedication

MVS Library

***advertising signs*** - mga sign na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga bagay at serbisyong kinakalakal, halimbawa:

Student Meal P 30.00

Gusto maging milyonaryo

***mga bagay*** – mga sign na nagpapakilala sa ilang bagay tulad ng basurahan, telepono, mailbox

nabubulok at di-nabubulok

biodegradable, recycles and non-biodegradable

female

officer of the day

baggage counter

pakibalik ng kutsara't tinidor

***patalastas ng mga departamento at organisasyon sa Sorsogon State University***, halimbawa:

To those who are willing to join martial arts

Badminton club is open for membership

We want you to be part of marching band

Intra na, Sayaw na, May Dance troupe ka na!

Football try out

***patalastas ng komunidad at pang-organisasyon*** (hindi saklaw ng administrasyon ng Sorsogon State University)

May reklamo ka ba?

Ang fixer ay mandurugas

We are hiring Technical Field Technician

***graffiti*** (mga sulat na karaniwang ginagawa ng palihim at sumusuway sa awtoridad) walang nakitang nakasulat na graffiti sa apat na kampus.

### 3.2 Wikang Ginamit sa mga Sign ng Tanawing Pangwika sa Kampus

Sa kabuuan, nakakuha ng 150 signs sa tanawing pangwika sa apat na kampus. Maihahanay ang mga sign na

ito ayon sa sumusunod na uri ng sign, wika, at bilang ng paggamit ng wika.

**MGA SIGNS NA MAKIKITA SA INSTITUSYON**

**Talahanayan 1.a**

*Kampus ng lungsod sorsogon*

Uri ng Sign	Filipino	Ingles	Iba pang Wika sa Pilipinas	Iba pang Wikang Dayuhan	Bilingual	Multilingual
Karatula sa kalye	1	10				
Babala	1	3				
Pangalan ng gusali		4				
Plakeng panggunita		2				
Karatulang nagbibigay ng impormasyon		18			Fil/ingles=2	
Bagay	2	1				
Patalastas ng mga departamento at organisasyon ng SORSU		6	1			
Advertisement		1				
Graffiti						
Patalastas ng komunidad at samahang di saklaw ng SORSU						
Kabuuang sign	4	46	1		2	

Makikita sa talahanayan na ang Wikang Ingles ang dominanteng wika sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa SorSu Sorsogon Kampus. Sa 53 nakuhang larawan 46 tanawing pangwika ang nakasulat sa Ingles. Mapapansin na ang mga tanawing pangwika na nakasulat sa Ingles ay ang mga sumusunod: 18 ang karatulang nagbibigay ng impormasyon, 10 ang mula sa karatula sa kalye, pitong (7) patalastas ng mga departamento at organisasyon ng SORSU, apat (4) mula sa pangalan ng gusali, dalawa (2) tungkol sa plakeng panggunita, isa (1) mula sa pangalan ng bagay at advertisement. Samakatuwid, nangangahulugan lamang ito na ang mga tanawing pangwika sa SorS Sorsogon Kampus ay nakasulat gamit ang wikang Filipino.

Samantala apat (4) naman tanawing pangwika gamit ang Filipino na makikita. May dalawang (2) bilingual na wika, ang ginamit sa sign ng pagbibigay ng impormasyon.

**Talahanayan 1.b**

*Magallanes kampus*

Uri ng Sign	Filipino	Ingles	Iba pang Wika sa Pilipinas	Iba pang Wikang Dayuhan	Bilingual	Multilingual
Karatula sa kalye		9				
Babala		3				
Pangalan ng gusali		17				
Plakeng panggunita		3				
Karatulang nagbibigay ng impormasyon		6	1			
Bagay	3	4				
Patalastas ng mga departamento at organisasyon ng SORSU						
Advertisement						
Graffiti						
Patalastas ng komunidad at samahang di saklaw ng SORSU	2					
Kabuuang sign	5	41	1			

Makikita sa talahanayan na ang Wikang Ingles ginagamit na wika sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa Magallanes Kampus. Sa 47 nakuhang larawan 41 tanawing pangkwika ang nakasulat sa Ingles. Mapapansin na ang mga tanawing pangwika na nakasulat sa Ingles ay ang mga sumusunod: 17 pangalan ng gusali,

9 tungkol sa karatula sa kalye, 6 tungkol sa karatulang nagbibigay ng impormasyon 4 tungkol sa mga bagay, at 3 tungkol sa mga babalaat plakeng panggunita. Samantalang lima (5) ang tanawing pangwika na nakasulat sa Filipino, at dalawa (2) sa tanawing pangwika ang ginamit ay iba pang wika.

### Talahanayan 1.c

#### *Castilla kampus*

Uri ng Sign	Filipino	Ingles	Iba pang Wika sa Pilipinas	Iba pang Wikang Dayuhan	Bilingual	Multilingual
Karatula sa kalye		5				
Babala	2	1				
Pangalan ng gusali		10				
Plakeng panggunita						
Karatulang nagbibigay ng impormasyon		7				
Bagay		2				
Patalastas ng mga departamento at organisasyon ng SORSU						
Advertisement Graffiti						
Patalastas ng komunidad at samahang di saklaw ng SorSu	1				Fil/Ingles=1	
Kabuuang sign	3	24			1	

Makikita sa talahanayan na ang Wikang Ingles din ang ginagamit na wika sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa Castilla Kampus. Sa 28 nakuhang larawan 24 tanawing pangkwika ang nakasulat sa Ingles. Mapapansin na ang mga tanawing pangwika na nakasulat sa Ingles ay ang mga sumusunod: 10 tungkol sa pangalan ng gusali, pito (7) karatulang nagbibigay ng impormasyon, lima (5) tungkol sa karatula sa kalye, dalawa (2) tungkol sa bagay at isa (1) ang tungkol sa babala. Samantalang tatlo (3) ang tanawing pangwika na nakasulat sa Filipino, at isa (1) sa tanawing pangwika ang ginamit ay bilingual.

### Talahanayan 1.d

#### *Bulan kampus*

Uri ng Sign	Filipino	Ingles	Iba pang Wika sa Pilipinas	Iba pang Wikang Dayuhan	Bilingual	Multilingual
Karatula sa kalye		5				
Babala		5				
Pangalan ng gusali						
Plakeng panggunita						
Karatulang nagbibigay ng impormasyon		7				
Bagay	1					
Patalastas ng mga departamento at organisasyon ng SORSU						
Advertisement Graffiti						
Patalastas ng komunidad at samahang di saklaw ng SORSU	3					
Kabuuang Sign	4	17				

Makikita sa talahanayan na ang Wikang Ingles din ang mas ginagamit na wika sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa SorSu Castilla Kampus. Sa 21 nakuhang larawan 17 tanawing pangwika ang nakasulat sa Ingles. Mapapansin na ang mga tanawing pangwika na nakasulat sa Ingles ay ang mga sumusunod: pito (7) tungkol karatulang nagbibigay ng impormasyon, at lima (5) tungkol sa karatula sa kalye at tungkol sa babala Samantalang apat (4) ang tanawing pangwika na nakasulat sa Filipino.

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumabas na ang wikang Ingles ang nangungunang ginagamit sa mga sign ng tanawing pangwika sa apat na kampus ng Sorsogon State University. Sa perspektibong top-down approach, ang ganitong paggamit ay maaaring maiugnay sa mga sign na nagmumula sa administrasyon ng institusyon tulad ng mga karatula sa kalye, babala, pangalan ng gusali, plakeng panggunita, at mga opisyal na patalastas ng mga departamento at organisasyon. Ipinapakita nito ang mas mataas na pagpapahalaga sa Ingles bilang wikang ginagamit sa pormal at opisyal na komunikasyon sa loob ng kampus. Samantala, sa bottom-up approach, ang mga sign na nagmumula sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad tulad ng ilang advertising signs at patalastas ay mas nagiging bukas sa paggamit ng Filipino at iba pang wikang panrehiyon. Ipinahihiwatig nito ang pagkakaiba ng paggamit ng wika batay sa pinagmumulan ng mga sign, kung saan ang top-down ay nakahilig sa Ingles habang ang bottom-up ay mas multilingguwal.

Sa pag-aaral na ito, nabatid na ang wikang Ingles ang nangungunang ginagamit sa tanawing pangwika. Kaugnay nito, ang Sorsogon State University ay kabilang sa mga institusyong nagsusulong ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagtatatag ng Sentro ng Wika at Kultura sa Rehiyon V, na may layuning linangin at payabungin ang wikang Filipino. Alinsunod sa Saligang Batas, Artikulo XV, Seksyon 6, “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililalang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.” Dagdag pa rito, “alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.”

Ayon naman sa Seksyon 7, “ukol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga’t walang ibang itinathana ang batas, Ingles.” Binibigyang-diin din na “ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbing pantulong na mga wikang panturo roon,” at “dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.” Dagdag pa sa parehong seksyon, “ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles, at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehiyon, Arabic, at Kastila.” Samantala, ayon sa Seksyon 9, “dapat magtatag ang Kongreso ng isang Komisyon ng Wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba’t ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap, at pagpapanatili.”

Sa pag-aaral na ito, nabatid na ang wikang Ingles ang nangungunang ginagamit sa tanawing pangwika. Ipinapahiwatig nito ang patuloy na impluwensiya ng Ingles sa mga institusyong pang-edukasyon, lalo na sa mga opisyal na komunikasyon at mga karatula sa loob ng kampus. Kaugnay nito, bagama’t may mga hakbang na isinusulong ang mga institusyon tulad ng Sorsogon State University sa pamamagitan ng pagtatatag ng Sentro ng Wika at Kultura sa Rehiyon V, nananatiling hamon ang ganap na integrasyon ng wikang Filipino sa tanawing pangwika. Masasalamain ito sa mga probisyon ng Saligang Batas, partikular sa Artikulo XV, Seksyon 6 na nagsasaad na “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino... ito ay dapat payabungin at pagyamanin,” gayundin sa Seksyon 7 na nagtatalaga sa Filipino at Ingles bilang mga wikang opisyal. Ipinapakita ng mga probisyong ito na bagama’t kinikilala ang Ingles, malinaw ang tungkulin ng pamahalaan at mga institusyon na higit pang paunlarin at itaguyod ang Filipino.

Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga ang mga patakarang gaya ng Executive Order Blg. 96 na nilagdaan noong 1967, na nag-uutos na gamitin ang wikang Pilipino sa mga pangalan ng mga gusali at tanggapan ng pamahalaan. Ipinapakita nito na may matibay na batayang legal sa paggamit ng Filipino sa tanawing pangwika. Gayunpaman, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na hindi pa ganap na naipatutupad ang ganitong mga patakarang, gaya ng makikita rin sa ilang pamantasan kung saan nangingibabaw pa rin ang Ingles, kahit may katumbas na Filipino. Ibig sabihin, may puwang pa para sa mas malawak na implementasyon ng mga polisiyang pangwika. Kaugnay nito, maaaring magsilbing ambag ang pag-aaral na ito upang mahikayat ang mga awtoridad ng Sorsogon State University na higit pang isulong ang paggamit ng Filipino sa kanilang mga kampus, lalo na sa mga pangalan ng gusali, karatula, at iba pang impormasyong pangkomunikasyon, upang maging mas inklusibo at

madaling maunawaan ang kapaligirang pang-edukasyon, alinsunod sa layunin ng pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang pambansa.

### 3.3 Mungkahing gawain sa pagpapaunlad ng tanawing pangwika gamit ang wikang Filipino

Ang tanawing pangwika ay hindi lamang dapat magtapos sa paglalarawan ng tanawing ito. Dapat na maglundo ito sa una, pamamahalang pangwika (o ang pagtatangkang baguhin ang sitwasyong pangwika sa isang tiyak na larang sa pamamagitan ng mga tiyak na hakbang o estratehiya), at pangalawa, sa patakarang pangwika (o ang pagbuo ng mga kautusan o batas para mabago ang paggamit ng wika. Kailangan magsimula sa itaas o sa mga tagapamuno ng paaralan ang paggamit ng wikang Filipino sa mga tanawing pangwika. Ang pagsulat ng sign ay maaring ibatay sa Conditions Model nina Sponsky at Jackendoff (1991) ng tatlong posibleng kondisyon sa pamimili ng mga aktor ng wikang gagamitin nila sa paggawa ng sign: Una sumulat ng sign sa wikang alam mo; pangalawa, sumulat ng sign sa wika ng inaasahan mong mababasa ; pangatlo, sumulat ng sign sa wikang gusto mong maiugnay sa sign. Magkaroon ng implementasyon na magkaroon ng katumbas na wikang Filipino ang mga gusaling nakasulat sa wikang Ingles. Hangga't maaari ay gamitin ang wikang Filipino sa mga babala, karatula sa kalye, karatulang nagbibigay ng impormasyon, sa mga bagay na mga sign, advertising sign patalastas ng departamento at organisasyon.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa natuklasan sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa apat na kampus ng SorSu ay nabuo ang mga sumusunod: maraming mga tanawing pangwika ang makikita at mababasa sa 4 na kampus tulad ng mga karatula sa kalye, gusali, plakeng panggunita, patalastas ng mga departamento at organisasyon. Wikang Ingles ang dominanteng wika sa tanawing pangwika sa pampaaralang espasyo sa apat na kampus. Isang mungkahing gawain ang nabuo upang magamit ang wikang Filipino sa mga tanawing pangwika. Inirekomenda ang mga sumusunod: Hikayatin ang mga aktor mula-sa-itaas o ang mga tagapangasiwa at tagapamuno ng paaralan na gamitin ang wikang Filipino hindi lamang bilang simbolo kundi bilang wika ng komunikasyon sa konteksto ng tanawing pangwika halimbawa ang mga pangalan ng gusali at iba pang karatula o babala sa kalye. Pasiglahin ang pag-aambag ng mga wikang rehiyonal sa pagbuo ng mga sign sa pampaaralang espasyo. Ipamalay sa mga aktor mula-sa-ibaba o ang mga taong gumagawa ng sign ang ibang posibilidad ng pagpili ng wika, hindi lamang Ingles sa pagbuo ng mga sign.

## 5. Talanganggunian

- Backhaus, P. (Ed.). (2007). *Linguistic landscape: A comparative study of urban multilingualism in Tokyo*. Multilingual Matters.
- Ben-Rafael, E. (2009). A sociological approach to the study of linguistic landscapes. In E. Shohamy & D. Gorter (Eds.), *Linguistic landscape: Expanding the scenery* (pp. 40–54). Routledge.
- Gorter, D. (Ed.). (2006). *Linguistic landscape: A new approach to multilingualism*. Multilingual Matters.
- Landry, R., & Bourhis, R. Y. (1997). Linguistic landscape and ethnolinguistic vitality: An empirical study. *Journal of Language and Social Psychology*, 16(1), 23–49.
- Shohamy, E., & Gorter, D. (Eds.). (2009). *Linguistic landscape: Expanding the scenery*. Routledge.
- Spolsky, B. (2009). Managing public linguistic space. In B. Spolsky (Ed.), *Language management* (pp. 25–46). Cambridge University Press.
- Spolsky, B. (2009). Prolegomena to a sociolinguistic theory of public signage. In E. Shohamy & D. Gorter (Eds.), *Linguistic landscape: Expanding the scenery* (pp. 25–39). Routledge.
- Zafra, G. S. (n.d.). *Ang wika sa pampublikong espasyo: Kaso ng tanawing pangwika sa UP campus ng Diliman*. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.